International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 41-50

# Stories That Matter: Unveiling the Experiences of Students in Writing Research Papers at Bambad National High School

**Sharmaine Sheene M. Garde[1], Anesa P. Mangindra[2]**

[1]Department of Education, Bambad National High School
Isulan, Sultan Kudarat, Philippines
sharmainesheene.garde@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
anesamangindra@sksu.edu.ph

**Abstract**

The aim of this research is to determine the experiences of students in writing research papers at Bambad National High School, Isulan, Sultan Kudarat, for the academic year 2024-2025. The researcher employed a qualitative research design, specifically transcendental phenomenology, to explore and understand students' perspectives on conducting research papers. A thorough examination was conducted on twelve Grade 12 students enrolled in the research subject. Data was gathered through in-depth interviews, which allowed for a deeper understanding of the challenges they faced, their opinions, and the benefits they gained from writing research papers. Thematic analysis in phenomenology was used in the data analysis process, consisting of six main steps: familiarization with the data, initial coding and theme development, identifying themes, analyzing themes, defining and naming themes, and reporting findings, following Moustakas' (1994) model.Writing a research paper is a significant experience for Grade 12 students, greatly affecting their emotions, cognition, and physical well-being. It brings joy and a sense of accomplishment but also induces stress, frustration, and mental breakdowns due to the challenges involved in the process. From the students' perspective, research writing is a step toward their professional development, especially for those aspiring to become experts in this field. They see it as a means to help their families and communities.To improve their research writing experience, it is suggested that teaching methods be clarified, appropriate strategies be employed, and teachers develop greater patience to ease the learning process. Overall, research writing is a challenging but essential part for students' academic lives. Despite its difficulties, it provides numerous opportunities for personal and professional growth, especially with adequate guidance and support from teachers.

Keywords: *Experience, Moustakas Approach, Phenomenology, Research Paper, Research Story, Writing Skills*

## PANIMULA

Ang pagsasagawa at pagsulat ng pananaliksik ang isang malaking hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral at guro sa kasalukuyang panahon na kinakailangang bigyan ng pansin sa larangan ng pagkatuto at pagtuturo. Ang pananaliksik ay tulad din ng pagsulat ng isang komposisyon sa musika. Anumang komposisyon na ginagawa ay nangangailangan nang lubos na

pagahanda sapagkat layunin ng anumang sumusulat na maging kaakit-akit ang kanyang katha. Gaya ng sining, nais pangibabawin ng may-akda ang kagandahan at kariktan ng kanyang sinusulat. Karagdagan ang pananaliksik ay isang makaagham na pagsisiyasat ng penomena, ideya, konsepto at isyu na kung saan binubuo ang paglilikom, pagsusuri at pagpapaliwanag ng mga pangyayari o katotohanan.

Sa pandaigdigang konteksto, ayon kina Zakharova, Mezinov at Mironova (2020), ang pagpapalawak ng potensiyal sa pananaliksik ay nagdadala ng maraming benepisyo, kabilang ang pagkakataon na lumikha ng isang nakagaganyak na kapaligiran sa pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay sumusubok sa makabagong karanasan at nakakapag-isip nang kritikal. Kaya kapag ang guro ay maglalapat ng maganda at kakaibang estratehiya at teknik sa pagtuturo ay mas mapapataas ang akademikong resulta at interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik.

Sa lokal na antas, ayon kay Gladys (2015), ang pananaliksik ay mahalagang sangkap sa buhay ng tao, sapagkat daan ito sa modernong pamumuhay. Ito ang isa sa mga pinal na pangangailangan ng mga mag-aaral upang makapagtapos sa Senior High School na nakasaad sa *curriculum guide* na siyang nagiging gabay ng mga guro sa pagtuturo kung kaya't kailangan nilang pagsumikapang tapusin ito upang makapasa. Dagdag pa, ang Sangay ng Sultan Kudarat ay nagsasagawa ng *Division Research Congress* sa kaguruan upang mahasa at malinang ang kanilang kahusayan at galing sa pagbuo ng pananaliksik na may malaking maitutulong upang makapagbahagi ang mga guro ng kanilang personal na karanasan sa mga mag-aaral sa pagsasagawa ng papel pananaliksik.

Kaugnay nito, masaklap mang isipin ngunit ang mga mag-aaral ay limitado ang kaalaman at interes sa pagsasagawa ng papel pananaliksik. Ayon kina Akyurek at Afacan (2018), maraming mga mag-aaral ang nakararamdam ng *stress* sa mga paraan ng pananaliksik dahil sa sobrang hirap, labis na pagkabahala kung matatapos at hamon sa pagsasagawa nito. Dagdag pa nito, isa sa mga hindi paboritong kurso at madalas na itinuturing na hadlang sa kanilang pag-aaral. Hindi nila lubos maunawaan ang mga konsepto ng pananaliksik at ang kahalagahan nito sa kanilang propesyonal na buhay kapag nakapagtapos na nang pag-aaral sa kolehiyo.

Gayunpaman, maraming pag-aaral ang nakasentro sa pagsusulat at pagsasaayos ng mga ideya, pagpapahayag ng kanilang ideya nang mas malaya , at ang mahusay na pagsulat na kinakailangan ng hilig magbasa upang makabahagi ng mas malalim na pananalita , pati na rin ang pagpapalalim ng kritikal na pag-iisip. Nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas masusing pag-aaral subalit iilan pa lamang na ang pangunahing layunin ay ang pagpapayabong ng makrong kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbuo at pagsusulat ng papel pampananaliksik. (Mantra & Widiastuti, 2019; Cronin & Hawthorne, 2019 ; San Juan,2020; Santos & Cruz,2020)

Batay sa mga suliraning kinakaharap, nais ng mananaliksik na alamin ang karanasan at hamon na pinagdadaanan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng papel pampananaliksik. Itinuturing ito bilang mungkahing solusyon upang makapag-ambag ng suhestiyon tungo sa mas makabuluhang pagkatuto at pagbibigay-lunas sa mabigat na pasaning pangangailangang akademiko na ramdam ng parehong mga mag-aaral at mga guro.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano-anong mga konteksto ang nakaapekto sa karanasan ng mga mag-aaral ng Baitang 12 sa pagsulat ng papel pananaliksik?
2. Paano tinitingnan ng mga mag-aaral sa Baitang 12 ang kanilang sarili sa hinaharap kaugnay ng pagsulat ng papel pananaliksik?

3. Ano ang maimumungkahing interbensiyon sa pagpapahusay ng pagsulat ng papel pananaliksik ng mga mag-aaral sa Baitang 12?

## METODOLOHIYA

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng *Qualitative Transcendental Phenomenological Approach*. Dahil ang mananaliksik ay nakapukos sa mga pamamaraang *interview* upang makakuha ng tekstuwal na tugon na nagpapahiwatig ng mga sariwang emosiyon at lohikal na tugon ng mga kalahok na nag-iipon ng isang malalim na pagsusuri hanggang matapos sa isang tiyak at walang pinapanigan na mga resulta. Ayon kay Crossman (2020) ang kwalitatibong pananaliksik ay isang anyo ng pananaliksik na pang-agham panlipunan na nagtitipon ng mga datos na hindi pang-numero at kumukuha ng makabuluhang mga datos na nakakatulong upang maunawaan ang buhay panlipunan sa pamamagitan ng pag-obserba sa mga naka-target na komunidad o lokasyon. Kaya ang pag-aaral na ito ay ginamit ang isang Kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular na umaangkop ng *transcendental phenomenology* sa paglalarawan at pagsusuri ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagbuo ng papel pananaliksik.

2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng mga mag-aaral sa Senyur Hayskul sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Bambad para sa taong panuruan 2024-2025. *Purposive sampling,* ang pagpli ng mga kalahok upang makuha ang iba't ibang pananaw ng labing dalawang (12) mag-aaral sa Baitang 12 na may mga asignaturang pananaliksik tulad ng *Practical Research*, Pagbasa at Pagsusuri tungo sa Iba't ibang Uri ng Pananaliksik na kung saan sila ay handang magbahagi ng kanilang mga gawi at estratehiya sa pagtuturo. Kaya ang mga kalahok ay bibigyan ng katiyakan na mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng impormasyon at datos na ibinahagi at nasabi.

2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng *In-depth Interview* (IDI) sa pangangalap ng datos. Ang layunin ay upang kumuha ng mga detalyadong impormasyon na nagbibigay-linaw sa pananaw ng isang indibidwal at sa nakikitang kahulugan tungkol sa isang particular na paksa, isyu o proseso (Rutledge 2020). Ito ay nangangahulugan na ang mananaliksik ay bubuo ng mga katanungan sa panayam na maipasasailalim sa pagwawasto ng Tagapangulo ng Programa ng MAT_FILIPINO dahil sa inangkop ito sa Pag-aaral ni Dr.Mildred F. Accad ang Dekana ng Paaralang Gradwado.Kaya ang mananaliksik ay gumamit ng *cellphone* para sa recording nang maitala nang wasto ang kasagutan at matiyak na ang mga impormasyon na ibinahagi ng kalahok. Bilang karagdagan nito, ang mananaliksik ay gumamit din ng iba't ibang instrumento tulad ng talatanungan, *interview protocol*, *consent form*, at ang gabay sa transkripsyon.

2.4. Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos

Sa pagsasagawa ng pagsusuri ng datos para sa pag-aaral na ito ay sinunod ang *Transcendental Phenomenological Framework ni Moustakas* (1994) Mayroong anim (6) na hakbang na sakop sa thematic analysis:

**Pagpapakilala sa Datos.** Sa hakbang na ito, ang mananaliksik ay muling magbabasa at babasahin ang mga datos upang maging sanay sa mga pangangailangang datos at matukoy ang mga pattern na lumilitaw.

**Pagbuo ng mga paunang kodigo at tema (Mga Paunang Tema).** Ang mananaliksik ay binuo ng unang kodigo sa pamamagitan ng pagdodokumento kung saan at paano nangyayari ng mga *pattern*. Nangyayari ito sa pamamagitan ng pagbawas ng datos,kung saan pinapaliit ng mananaliksik ang datos sa mga lebel upang lumikha ng mga kategorya para sa mabisang pagsusuri. Ang paghahambing ng datos ay natatapos din dito. Kasama rito ang paggawa ng mananaliksik ng mga implikasyon tungkol sa kahulugan ng mga kodigo.

**Paghahanap ng mga tema (Mga nakalumpung tema).** Ang mananaliksik ay sumasalamin ang mga kodigo sa mga pangunahing tema na tumpak na naglalarawan sa datos. Mahalaga na bumuo ng mga tema na naglalarawan nang wasto kung ano ang ibig sabihin ng tema kahit na hindi ito akma. Ang mananaliksik din ay magpapaliwanag kung ano ang kulang sa pag-aanalisa.

**Pagsusuri ng mga tema.** Ang mananaliksik ay titingnan kung paano sinusuportahan ng mga tema ang datos at ang pangunahing mga perspektibong teoritikal. Kung ang pag-aanalisa ay tila hindi kumpleto, ang mananaliksik ay kailangang bumalik at hanapin kung ano ang kailangang idagdag.

**Pagtukoy at pagbibigay ng pangalan sa mga tema (mga umuusbong na tema).** Ang mananaliksik ay magpapakita ng bawat tema, aling mga aspeto ng datos ang nasasakop at kung ano ang kawili-wili tungkol sa tema

**Paggawa ng ulat.** Sa huling hakbang, isinusulat ng mananaliksik ang ulat, nagpapasya siya kung aling mga tema ang nagkakaloob ng makabuluhang kontribusyon sa pag-unawa kung ano ang nangyari sa datos

2.5. Etikal na Konsiderasyon

Ang etikal na konsiderasyon ay mahalagang papel sa isang pananaliksik.Ito ay nagsisilbing gabay ng mananaliksik para hindi malabag ang karapatan ng mga impormants. Ang mga sumusunod ay ang etikal na konsiderasyon na dapat isaalang-alang ng manananaliksik:

Ang unang dapat isaalang-alang ay ang ***Informed Consent at Transparency.*** Ang paghingi ng pahintulot ang nagsisilbing pundasyon ng anumang etikal na proyekto sa pananaliksik. Ang mananaliksik ay magbibigay at magpapalagda ng *consent form* at ipaliliwanag ang dahilan kung bakit sila napili bilang mga kalahok at kung paano gagamitin ang kanilang data.

Pangalawa ay ang ***Anonymity at Confidentiality***. Ang magandang resulta ng pag-aaral ay nagsisimula sa boluntaryong kagustuhan ng mga kalahok dahil sila ay nakapagababahagi ng personal na karanasan ng walang halung kasinungalingan.

Pangatlong ay ang ***Digital Data Protection.*** Ayon kina Morgan at Lobe (2010) ,maaaring makatuwirang i-*r*ecord ang isang kalahok ang isang pag-uusap sa pakikipanayam gamit an *audio* at *video*. Batay sa mga hamon na kinakaharap sa paggamit ng *audio recording* lalo na ang *video recording* dapat maging maingat ang mananaliksik dahil kailangang protektahan ang mga datos at sa panahon ng pagsusuri ay hindi dapat manipulahin ang mga kasagutan ng kalahok.

## RESULTA

Ang pag-aaral na ito ay kakikitaan ng pagkakasunod-sunod at pagkakahanay ng mga datos na nalikom mula sa naging sagot ng mga kalahok sa katanungang inihanda sa ginawang panayam.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 41-50

Naglalahad ang kabanatang ito ng mga tema at mga pangunahing ideya mula sa mga isinagawang panayam sa mga kalahok.

**Talahanayan 1. Karanasan ng mga Mag-aaral sa Baitang 12 sa Pagsulat ng Papel Pananaliksik**

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** *(Clustered Theme)* | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **1. Bahagi ng buhay** | • Problema at solusyon<br>• Koneksiyon sa buhay<br>• Makabuo ng bagay-bagay | "………sa problema lalo na po sa pananaliksik kong paano natin siya masolusyunan….."<br>"………tungkol po sa problema paano ito bigyan ng solusyon at kung paano makatulong ito sa ating buhay."<br>"……maka-imbento ng mga bagay-bagay na wala pa nabuo…….." |
| **2. Mga Hamon at Benepisyo sa Pagsasagawa ng Pananaliksik.** | • Kakulangan sa kolaborasyon ng bawat grupo<br>• Nakadagdag ng kaalaman<br>• Kakulangan sa Oras<br>• Nawalan ng respeto | "...ang paggawa ng aming pananaliksik dahil ang iba hindi nakikisama sa paggawa…….."<br>"…..napapahusay ko ang aking kaalaman…."<br>"…yung laging kulang sa oras Ma'am.."<br>"….nakipagsagutan po ako sa kanya at nagresulta po ito na parang wala na akong respeto sa kanya…" |
| **3. Mga Tao na naging Kasangkot ng Pagsasagawa ng Pananaliksik** | • Mga guro<br>• Kasamahang miyembro<br>• Kaibigan<br>• Mga magulang at kapamilya | "… mga guro din po naming sa pananaliksik.."<br>"…kagrupo po Ma'am…."<br>"…ang kaibigan ko na si Diane. Sila John Lloyd…"<br>"…mga magulang ko po Ma'am…."<br>"… sa pamilya ko iniintindi nila ako…." |
| **4. Epekto ng Pagsasagawa ng Papel Pananaliksik** | • Napalawak ang kaalaman<br>• Pag-unawa sa miyembro<br>• Kakulangan sa oras<br>• Nakaapekto sa mental health<br>• Kahusayan sa pananalita<br>• Di nagagawa ang gawaing bahay | "…naging mas matibay po yung komprehensiyon ko sa mga bagay-bagay…"<br>"… mas naging maunawain sa kagrupo…."<br>"…ang sa tingin ko na nabago ay ang tamang paggamit ng oras…."<br>"…nakaapekto siya sa mental health dahil may pagkakataong nasasabi ko na hindi ko na kaya…."<br>"…nagkaroon ng pagbabago sa pananalita ko…"<br>"…hindi na ako nakakagawa ng aking mga trabaho sa bahay puro na lamang pananaliksik…" |

**Talahanayan 2. Mga Kontekstong Nakaapekto sa Karanasan ng mga Mag-aaral sa Baitang 12 sa pagsulat ng papel pananaliksik**

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** *(Clustered Theme)* | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 41-50

| | | |
|---|---|---|
| **1. Emosyon sa Pagsusulat ng Papel Pananaliksik** | • Masaya<br>• Malungkot<br>• Galit<br>• Stress<br>• Pressure<br>• Breakdown | "…pero pagkatapos mo mapagtagumpayan ang pananaliksik ay lubos na kasiyahan at maipagmamalaki mo talaga ang sarili mo parang tinig na nabunot kapag matapos na lahat…"<br>"…Tapos ang iba naming miyembro parang tamad po kaya nalungkot ako…"<br>"…Sympre po mayroon ding galit dahil minsan may mga miyembro na mahirap makisama at hindi tumutulong…"<br>"…at nakakastress po Ma'am dahil ako po bilang kaagapay ng lider namin na si Wendee po……."<br>"…Damdamin? Yong pagod tapos ang over fatigue ka palagi.<br>Dahil sa hirap ng pinagdadaanan sa pagbuo ng pananaliksik…"<br>"….Yong oras na halos hindi ko na talaga kaya, nagpatulong po ako sa kanila tapos tinulungan din po nila ako dahil nag*breakdown* po ako at nagalit ako sa GC(*Group Chat)* dahil sa subrang galit…" |
| **2. Epektong Kognitibo** | • Pagsunod sa tamang proseso<br>• Pagsusumikap<br>• Dagdag Kaalaman<br>• Makadiskubre ng bagay-bagay<br>• Positibong pananaw | "…Laging maging tapat sa iyong papel at kapag gumawa ka ng papel mo Ma'am lahat ng impormasyon ay mailagay mo para kapag mag *defense* na. Kaya mo siyang sagutin ng maayos kaya kapag gumagawa dapat alam mo ang bawat hakbang ng papel mo…"<br>"…Tumatak sa aking isipan na kapag hindi ko yon itutuloy ang paggawa baka hindi kami makakapagtapos sa Baitang 12…"<br>"….Kaalaman, yong karanasan tapos nakakuha ako ng mga karunungan sa mga batikan sa pananaliksik….."<br>"…makadiskubre ka ng mga bagay na ngayon mo lang naintindihan at may mga salita na<br>masasalamuha na gagamitin mo sa iyong papel…"<br>"….Ahmmm! Ang importante lang sa akin ngayon ay sana kong ano ang kagandahang pananaw ko sa pananaliksik ay ganoon din sila. Dahil ang perspektiba ng iba sa pananaliksik ay mahirap karamihan lahat na mag-aaral yan ang iniisip, sana matulad sila sa akin….." |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 41-50

| | | |
|---|---|---|
| **3. Epektong Pisikal** | • Sakit sa mata<br>• Pagpayat<br>• Stress<br>• Pagod<br>• Nagkaroon ng sakit<br>• Kulang sa tulog | "…At mas dumadagdag ang labo ng aking mata…"<br>"…Sa katawan? Ahh (natatawang sagot) mas lalong pumayat dahil laging kulang tulog…"<br>"….Subrang Stress po Ma'am, dahil kapag stress po ako Ma'am sumasakit po ang ulo ko. May mga oras Ma'am na gumagawa ako halos ayaw ko nang matulog dahil gusto kong matapos kaya sumasakit ang aking ulo…."<br>"…ano po siya maam nakakapagod pero maganda siya kapag natapos muna dahil, halimbawa kapag hindi mo pa natapos….."<br>"….At ako po Ma'am napag-alaman na mayroon akong BPD (Border line Personality Dis-order) sa tuwing paiba-iba ang aking ugali Ma'am at madali lang uminit ang aking ulo…."<br>"….Ano! Kadalasan ang tulog ko nasa alas ng madaling araw tapos gigising naman ulit tapos tatlong pung minuto ulit ng tulog hanggang isang oras na lamang pala palagi ang tulog mo…." |

**Talahanayan 3. Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat ng Papel Pananaliksik sa Hinaharap**

| LUMILITAW NA TEMA *(Emerging Theme)* | PINANGKAT NA MGA TEMA *(Clustered Theme)* | MAHALAGANG PAHAYAG *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **1. Maging dalubhasa sa Pagsusulat ng Papel Pananaliksik** | • Mga Propesyonal at matagumpay sa buhay<br>• Bihasa sa papel pananaliksik<br>• Makatulong sa pamilya | "….Ah! Ano, maging guro balang araw, yong pagiging guro na kapag may gagawing pananaliksik, masasabin mong "Alam ko na ito" "Galamay ko na ito". Tapos hindi na ako iiyak ulit dahil sa hindi ko alam paano gawin…."<br>"…..Gusto ko pong maging mahusay na mananaliksik sabi ko sa pinsan ko kaya kong bumuo ng pananaliksik pero hirap ako sa pagsulba ng mga pang matematikang probaema…."<br>"….Pagkalipas ng sampung taon Ma'am, Siguro, kong palarin po, makahanap po ng trabaho Ma'am at makatulong talaga ito…." |

**Talahanayan 4: Mga maimumungkahing Interbensiyon sa Pagpapahusay ng Pagsulat ng Papel Pananaliksik ng mga Mag-aaral sa Baitang 12**

| LUMILITAW NA TEMA *(Emerging Theme)* | PINANGKAT NA MGA TEMA *(Clustered Theme)* | MAHALAGANG PAHAYAG *(Significant Statements)* |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **1. Pagpapahusay sa pamamaraan ng pagtuturo** | • Tamang estratehiya ng Pagtuturo<br><br>• Huwag gawing mahirap<br><br>• Mahabang pasensiya<br><br>• Tamang hakbang at proseso sa pagtuturo<br><br>• Huwag Iparamdam ang takot at pressure<br><br>• Masayang pagtuturo | "….Dapat po maging klaro sa bawat proseso sa pagsagawa ng pananaliksik, at magbigay ng outline o susundan, dahil ang ibang guro pinapagawa kami pero iba ang pormat na susundin kaya dapat mauna ang outline na susundan naming para mas mapadali ang pagbuo…."<br>"…Siguro Ma'am, mas bigyan nila ng tuon ang pagtuturo sa mga mag-aaral na hirap sa pananaliksik dahil ngayon naranasan kasi namin na ang mga TVL…"<br>"…palawakin ang kanilang pasensiya dahil sa hirap ng mga mag-aaral umunuwa…"<br>"….Ano po siguro, ibigay po yong gusto nilang pormat bago magpasagawa ng pananaliksik. Tapos naturo muna ang proseso bago ipagawa. Minsan kasi nauuna ang pagpapagawa bago iwasto kong baga po "practice first before checking".Yon lamang po…."<br>"….Dahil sa may kaklase ako na nagka pobia o takot sa guro naming sa pananaliksik, dahil kapag magpawasto ng papel dapat maging kalma ang guro sa pagwaswasto ng papel….."<br>"….Ang masasabi ko po dapat parehas ng *vibes* ang guro at ag-aaral, dapat masaya lang sa klase… |

## INTERPRETASYON

### Karanasan ng mga Mag-aaral sa Baitang 12 sa Pagsulat ng Papel Pananaliksik

Batay sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng papel pananaliksik, nakalikom ang mananaliksik ng apat na lumitaw na tema. Ipinapakita ng mga temang ito ang kahalagahan ng pagtugon sa pamamagitan kanilang kaalaman at kakayahan sa pagbuo ng pananaliksik. Habang isinasagawa ang pag-aaral, iba't ibang karanasan ang napagdadaanan ng bawat mag-aaral, may positibo at negatibong epekto sa kanilang buhay. Gayunpaman, ang mga karanasang ito ang naging susi upang maisakatuparan ang pagbuo ng kanilang isinasagawang papel pananaliksik.

### Kontekstong Nakaapekto sa Karanasan ng mga Mag-aaral sa Baitang 12 sa Pagsulat ng Papel Pananaliksik

Ang layunin ng mga mananaliksik o kalahok ay ang makatuklas ng bagay-bagay, makadiskubre at masagot ang suliranin ngunit may mga konstekstong nakaaapekto habang isinasagawa ang pag-aaral. Nakabuo ng tatlong lumitaw na tema batay sa tugon ng mga kalahok na magbibigay ng gabay sa mga posibleng solusyon upang mapabuti ang kanilang kakayahan at karanasan sa pagbuo ng papel pananaliksik. Kung saan ang mga salik na kinakaharap ng mga kalahok ay nag-iwan nang kakaibang damdamin, pananaw at karanasan na nag-uugnay sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

### Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat ng Papel Pananaliksik sa Hinaharap

Ang bawat mag-aaral ay may pangunahing layunin sa buhay at ito ay ang makapagtapos sa pag-aaral. Ang pagsusulat ng papel pananaliksik ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan na magiging susi upang makapagtapos.

Ang pagsusuri sa kanilang persepsiyon ay naglalayong mas maunawaan ang kagustuhang mangyari sa hinaharap. Kaya ang mananaliksik ay nakabuo ng tatlong pinangkat na mga tema at nangibabaw na kasagutan ng mga kalahok ay ang kagustuhang maging propesyonal upang maging bihasa sa pagbuo ng papel pananaliksik at maging matagumpay sa buhay upang makatulong sa pamilya.

**Maimumungkahing Interbensiyon sa Pagpapahusay ng Pagsulat ng Papel Pananaliksik ng mga Mag-aaral sa Baitang 12**

Ang temang ito ay nakatuon sa mga posibleng hakbang o interbensyon na maaaring magamit upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagsusulat ng papel pananaliksik. May isang lumitaw na tema ito ay ang pagpapahusay sa pamamaraan ng pagtuturo, na nakapukos sa maaaring maidagdag sa paraan ng pagkatuto. Ang mga interbensiyong ito ay maaaring magsimula sa pagbibigay ng suporta mula sa guro, paggamit ng inobasiyon, at pagpapalawak ng kaalaman sa tamang proseso ng pagsasagawa ng pananaliksik.

## KONKLUSYON

Ang karanasan ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa pagsulat ng papel pananaliksik, makikita ang mga pangunahing tema na nagpapakita ng mga aspeto ng kanilang karanasan, mga hamon, at mga benepisyo. Ang mga kalahok ay nahaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa kolaborasyon, kakulangan sa oras, at mga stress-related na isyu, ngunit sa kabila nito, natututo sila ng bagong kaalaman at mga kasanayan na magagamit nila sa hinaharap.

Kaya ang karanasan ng mga mag-aaral ay may malalim na epekto sa kanilang emosyon, kognisyon, at pisikal na kalusugan. Dahil sa pagsulat ng papel pananaliksik ay nagdudulot ng kaligayahan at tagumpay, ngunit nagiging sanhi ito ng stress, galit, at mental breakdown sa kadahilanang paghihirap na nararanasan. Gayunpaman, ang mga kalahok ay nakakahanap ng mga benepisyo mula sa prosesong ito, tulad ng mas malalim na pag-unawa, pagpapabuti ng mga kasanayan sa pananalita, at ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman.

Sa pananaw ng mga mag-aaral para sa kanilang hinaharap, ay nakikita nilang magbibigay sa kanila ng mga kasanayan at kaalaman na magiging kapaki-pakinabang sa kanilang mga propesyonal na buhay, lalo na sa mga nais maging eksperto sa larangan ng pananaliksik.

Sa kabila ng mga hamon, ay may nagsusulong ng mga interbensyon upang mapabuti ang kanilang karanasan sa pagsulat ng papel pananaliksik. Ang mga suhestiyon tulad ng pagpapaliwanag ng mga pamamaraan ng pagtuturo, pagbibigay ng tamang estratehiya sa pagtuturo, at ang pagpapalawak ng pasensiya sa mga mag-aaral ay itinuturing nilang makakatulong upang mapagaan ang proseso at matulungan silang magtagumpay. Sa kabuuan, ang pagsulat ng papel pananaliksik ay isang makulay at pagsubok na bahagi ng buhay ng mga mag-aaral sa Baitang 12 na nagbibigay sa kanila ng maraming pagkakataon para sa personal na pag-unlad, ngunit nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa at tamang suporta upang maging matagumpay.

## SANGGUNIAN

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204
.
Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Casil-Batang, P. (2021). Exploring Gender Sterotypes in 21st Centrury Philippine Narratives. International Journal of Arts, Sciences and Education 2(1): 61-70

Casil-Batang,P. (2021). Focus of Experience in 21st Century Philippine Literature: A Content Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education 2(1): 1-14

Flower, L., & Hayes, J. R. (1981). A Cognitive Process Theory of Writing. *College CompositionandCommunication*,*32*(4),365–387. https://doi.org/10.2307/356600

Garcia, R. (2019). *Ang epekto ng pagsusumikap sa paggawa ng pananaliksik: Mga hakbang patungo sa tagumpay*. Journal of Higher Education, 10(4), 45-53.

Hirschel, L. (2017). *The process of academic research and writing*. Journal of Higher Education Research, 12(3), 145-160.

Liu, J. (2017). *Effort and academic success in research writing*. Journal of Higher Education, 41(3), 178-190.

Macheridis, N., Pihl, A. F., Paulsson, A., & Pihl, H. (2023). Students' experiences of the research-teaching nexus. *Tertiary Education and Management*, *30*(1), 1–16. https://doi.org/10.1007/s11233-023-09129-8

Martinez, A. (2023). Expected contributions of research proposals. *Journal of Research Impact, 21*(2), 145-160. Philippine E-Journals.

Mantra, I. B. N., & Widiastuti, I. A. M. S. (2019). An analysis of EFL students' writing ability to enhance their micro and macro writing skill. *International Journal of Linguistics and Discourse Analytics, 1*(1), 29-34.

Pagsulat ng papel pampananaliksik bilang bahagi ng kurikulum sa senyur hayskul. (2025). https://www.perplexity.ai/search/pagsulat-ng-papel-pampananalik-U_HNkxVDQRWmlT.VFW6KUQ

Pritchard, A. (2019). "Emotional and cognitive challenges in academic writing: A review." *Journal of Academic Writing*, 9(2), 33-45.

Reyes, L. (2022). Comprehensive literature review for research proposals. *Research Journal*, *18*(3), 456-478. Google Scholar.

Reflexive Teacher: Main Difficulties of the Reflexive Activity of Teachers with Various Pedagogical Work Experience. (2021). *European Journal of Contemporary Education*, *10*(1). https://doi.org/10.13187/ejced.2021.1.18

Rivera, L. (2023). Technological tools in research proposals. *Journal of Research Technology, 22*(1), 45-60. Philippine E-Journals.

Rutledge, P., & Hogg, J. L. (2020, September 9). *In-Depth Interviews*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/345737833_In-Depth_Interviews

Soriano, M. (2020). *Pagpapakilala sa Mga Pundamental na Konsepto sa Pagsulat ng Pananaliksik: Isang Pag-aaral.* Journal of Research Methodology, 22(1), 11-19.

Thompson, S. (2019). *Resilience in academic research: Overcoming challenges in research writing*. Educational Psychology Review, 35(2), 110-123.

Villar, J. (2020). *Gamification sa Pagtuturo ng Pananaliksik: Pagtutok sa Mas Masaya at Epektibong Pagkatuto.* Journal of Educational Innovation, 17(3), 45-52.

Zamiri, M., & Esmaeili, A. (2024). Strategies, methods, and supports for developing skills within learning communities: A systematic review of the literature. *Administrative Sciences, 14*(9), 231.

Zimmerman, B. J. (2002). *Becoming a Self-Regulated Learner: An Overview*. Theory into Practice, 41(2), 64-70.